**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 17, 263-279



# Pagsusuri ng gramatikang Filipino sa mga sanaysay ng mga mag-aaral: Batayan sa pagbuo ng mungkahing interbensiyon sa pagsulat

Hermosora, Joseph, Jr. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (johermosora@gmail.com)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 4 July 2026 **Revised**: 19 July 2026 **Accepted**: 21 July 2026
**Available Online**: 23 July 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26334

OPEN ACCESS

---

***Abstract***

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino batay sa aspektong morpolohikal at sintaks. Ginamit ang Mixed Methods na may disenyong Sequential Explanatory sa pangangalap ng kwantitatibong datos at pinagtibay ito ng resulta ng kwalitatibong datos. Matapos maisagawa ang pangangalap ng datos sa dalawang yugto, ang resulta ay pinaghalo ng mananaliksik at binigyan ng interpretasyon batay sa layunin ng pag-aaral. Nagsilbing kalahok sa pag-aaral ang mga mag-aaral na nasa Baitang 12 sa isa sa mga pampublikong paaralan sa dibisyon ng Catbalogan. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay ay binigyang-pagsusuri ang kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa Filipino. Upang matukoy ang mga suliraning kinakaharap sa pagsulat. Sa proseso ng pagsasagawa ay isinaalang-alang ang etika ng pananaliksik. Batay sa datos na nakalap, ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng gramatikal na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang aspekto ng pandiwa sa pagsulat ng sanaysay. Bagama’t mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba’t ibang aspektong morpolohikal at sintaks, mayroong iba’t ibang suliranin na kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Karaniwan sa mga suliranin sa pagsulat ng sanaysay ay ang kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa paggamit ng bantas, kahirapan sa pagsasalin ng mga termino, kahirapan sa paggamit ng wastong salita, pagbabaybay, at kapitalisasyon. Ang pagkakaroon ng pagtataya, pagsasanay, at mentoring bilang panukalang interbensyon sa pagpapaunlad ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa Filipino ay makatutulong upang matugunan ang kanilang kahirapan sa iba’t ibang aspekto ng pagsulat.

***Keywords:*** antas ng kakayahang gramatikal, Filipino, interbensiyon, pagsulat, sanaysay

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Pagsusuri ng gramatikang Filipino sa mga sanaysay ng mga mag-aaral: Batayan sa pagbuo ng mungkahing interbensiyon sa pagsulat

## 1. Introduksiyon

Ang sanaysay ay isang paraan ng paglalahad na ginagamit upang ipahayag ang mga kaisipan, pananaw, at damdamin ng isang tao tungkol sa isang tema. Ayon kay Reyes (2018), ang sanaysay ay isang uri ng panitikan na sumasalamin sa personal na opinyon ng manunulat tungkol sa isang paksa o karanasan. Kadalasan, ang sanaysay ay naglalayong maghatid ng impormasyon, magturo, o magpasigla ng emosyon ng mga mambabasa. Sa pamamagitan ng paglikha ng sanaysay, nahuhubog ang kakayahan ng mag-aaral sa lohikal na pagpapahayag at pag-aayos ng mga ideya.

Ang pagsulat ng sanaysay ay isang napakahalagang kakayahan na natutuklasan ng tao. Binigyang-diin ni Gaddis (2020) na ang paglikha ng sanaysay ay hindi lamang isang teknikal na proseso kundi isang malikhain na aktibidad na nakatuon sa pagpapahayag ng mga ideya sa isang maayos at sistematikong paraan. Ang isang magandang sanaysay ay nagmumula sa masusing paghahanda at pagpapahalaga sa gramatika at estruktura ng mga pangungusap. Ipinapakita nito na ang pagsasanay sa paggawa ng sanaysay ay isang hakbang na nangangailangan ng malalim na pag-iisip at pagkaunawa. Hindi katulad ng pagsasalita na natural na natututuhan habang tayo'y lumalaki, ang pagsusulat ay isang sining na nangangailangan ng disiplina at pag-unawa sa mga tuntunin ng wika at gramatika. Dagdag pa ni Reyes (2018), ang pagsasanay sa paggawa ng sanaysay ay mahalaga sa pagpapalawak ng kakayahan sa komunikasyon, na nagiging mas epektibo sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga alituntunin ng sintaksis, morpolohiya, at iba pang bahagi ng wika.

Ang gramatika ay hindi lang naglalarawan ng kaayusan ng mga salita at pangungusap, kundi ito rin ang tumutukoy sa kahulugan ngmga kaisipang ibinabahagi. Ayon kay Bautista (2020), ang gramatika ay naglalarawan ng kaayusan sa mga pangungusap at naglalahad ng mga mensahe nang maayos at maliwanag. Ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga salita ay nagbibigay-diin sa mga ideya at isinasalaysay ang kanilang kahulugan. Sa pag-aaral ng wika at gramatika, mahalaga ang pagkakaroon ng akses sa mga makabago at aklat na babasahing panggramatika. Ito ay dapat na sumasalamin sa kasalukuyang estado ng wikang Filipino at kasama ang mga bagong kaalaman sa linggwistika. Dahil dito, hindi dapat kalimutan ang mga pangunahing prinsipyong nakaugat sa tradisyonal na Balarila, samantala ito ang ginagamit ng karamihan ng guro sa Filipino (Manaol, 2014).

Ayon kay Misa (2023), sa kasalukuyang panahon, napansin na may mga estudyante at guro sa pampublikong paaralan na nahihirapan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wastong gramatika sa Filipino. Ito ay naging isang hamon na kinakaharap nang marami. Batay sa ilang pag-aaral, marami sa kanila ay nahihirapang magamit nang maayos ang gramatika, lalo na sa aspeto ng mekaniks at lohikal na organisasyon ng kanilang mga akademikong sulatin. Sa mga pampublikong paaralan, napatanuyan na marami sa mga mag-aaral sa Senior High School (SHS) ang nahihirapan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wastong gramatika sa Filipino. Nabanggit sa pag-aaral nina Funclara at Resuello (2021), natuklasan ang gramatikal na kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat sa Filipino ay mayroong katatamtamtamang kakayahan. Natuklasang hindi pa ganap na nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral; magkakaiba ang kanilang gramatikal na kakayahan sa iba't ibang larang sa Filipino; at mayroong makabuluhang kaugnayan ang gramatikal na kakayahan mga mag-aaral sa kanilang kasarian at natamong grado sa Filipino.

Ayon sa pananaliksik ng Editorial Essay Team (2023), ang paghahanda ng isang sanaysay ay isang mahalagang gawain na regular na sumusubok sa mga estudyante, manunulat, at maging sa mga propesyonal. Sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sanaysay, nagkakaroon tayo ng pagkakataong ipahayag ang ating mga ideya, kaisipan, at mayroon tayong pagkakataon na maging malikhain at mapanuri sa iba't ibang isyu at paksa. Samantala, batay sa isang sarbey ng National Association of Colleges and Employers (2016), 73% ng mga employer ang

naghahanap ng mga empleyadong may mahusay na kasanayan sa pagsusulat. Ngunit ang pagsusulat ay hindi isang madaling trabaho. Ang anumang uri ng pagsusulat ay nangangailangan ng mataas na kakayahan sa pag-iisip upang maisaayos ang iba't ibang ideya na pumapasok sa isip at lumikha ng isang mabisang balangkas.

Iba't ibang mga pag-aaral ang isinagawa na may kaugnayan sa gramatika na nakatuon sa pagsusuri kung aling antas ng gramatika ang mga mag-aaral ay may kakulangan. Ayon kay Bautista (2019), ang pagsusuri ng kakayahan sa gramatika ay mahalaga upang matukoy ang mga aspekto na nangangailangan ng pag-unlad, at upang magbigay ng mga solusyon sa mga kahinaan sa kasanayan ng mga estudyante sa wika. Samakatuwid, ang layunin ng pag-aaral na ito ay susuriin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika at magbibigay ng mga suhestyon na interbensyon upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa gramatika ng Filipino para sa ikabubuti ng kanilang mga sulatin, lalo na sa paggawa ng sanaysay.

Ang sanaysay ay napili bilang paksa ng pag-aaral dahil sa kahalagahan nito sa pagpapahayag ng mga opinyon, kaisipan, at damdamin ng isang tao. Ayon kay Cruz (2018), ang sanaysay ay isang uri ng akademikong sulatin na nangangailangan ng masusing pagsasanay sa gramatika at organisasyon ng mga ideya. Sa pamamagitan ng tamang balarila at estruktura, mas nagiging epektibo ang pagbuo ng mga sanaysay na nagbibigay-linaw at pag-unawa sa mga mambabasa. Sa pag-aaral na ito, tinitiyak na matutugunan ang iba't ibang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino at mabibigyang-impromasyon ang mga guro sa Filipino hinggil sa mabisang paraan upang mapaunlad ang kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral.

***Layunin -*** Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa antas ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Binigyang-diin sa pag-aaral ang pagtukoy sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat. Tiniyak na mabigyang-tugon ang sumusunod na layunin1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino ayon sa: Morpolohiya, Aspekto ng Pandiwa, Wastong gamit ng salita, Pagbabagong morpoponemiko, Sintaks, Paggamit ng paningit o ingklitik pagpapalawak ng pangungusap 2. Anong suliranin ang kinaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wastong gramatikang Filipino? 3. Anong mungkahing interbensiyon ang mabubuo para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatikang Filipino?

## 2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang Mixed Method na pananaliksik na gumamit ng disenyong Explanatory Design: Participant Selection Model. Tunguhin nitong makapaglahad ng pangkalahatang paglalarawan ang pananaliksik sa pamamagitan ng mga kuwantitatibong datos na mas mabibigyan ng mas malawak na pagsusuri at pagpapakahulugan gamit ang kuwalitatibong impormasyon (Subedi, 2016; Creswell & Plano Clark, 2007).

Sa unang yugto, binigyang-tuon ng mananaliksik ang pagtukoy sa kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral ay sinuri batay sa bilang ng tamang paggamit ng mga mag-aaral ayon sa tuntunin ng gramatikang Filipino. Tinukoy ang bilang ng tamang sagot ng mga mag-aaral at binigyang-interpretasyon ayon sa instrumentong ginamit sa pag-aaral ni Misa (2021). Matapos isagawa ang pangangalap ng kwantitabong datos, ang mananaliksik ay nagsagawa ng panayam sa mga piling mag-aaral upang malaman ang iba't ibang suliranin na kinakaharap sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Ang mga kalahok sa yugtong ito ay maingat na pinili ng mananaliksik batay sa kanilang naging performans sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Ang mga datos na nakalap sa kwantitatibo at kwalitatibong yugto ng pananaliksik ay pinaghalo at binigyang-pagpapakahulugan ayon sa layunin ng pag-aaral. Salig sa teoryang ginamit sa pananaliksik, nakabuo ng mungkahing interbensyon na nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa isa sa pampublikong paaralan ng lungsod Catbalogan, Samar. Ang paaralang ito ay isa sa mga itinuturing malaking paaralan at sentrong paaralan ng lungsod Catbalogan. Isa ang paaralang ito na lumalahok sa iba't ibang paligsahan o patimpalak sa iba't ibang larangan, mapa-isports o pang-akademikong gawain. Napili ang paaralang ito sapagkat makakatugon ng malaki sa paglutas ng suliraning hinahanapan ng solusyon batay sa isinagawang pananaliksik. Nakita ang matinding pangangailangan ng mga mag-aaral na

magkaroon ng angking kasanayan sa wastong gramatikang Filipino.

Kalahok ng Pag-aaral Sa pag-aaral na ito, nagsilbing kalahok sa kwantitatibong bahagi ang apatnapung (40) mag-aaral sa Baitang 12 na pinili sa pamamagitan ng simple random sampling gamit ang fishbowl technique. Ang mga nabanggit na bilang ng mag-aaral ang nagsilbing kalahok sa unang yugto ng pag-aaral, partikular ang kwantitatibong bahagi kung saan ay sumulat ng sanaysay ang mga mag-aaral at sinuri batay sa pagpapakahulugan sa isinagawang pag-aaral ni Misa (2021). Samantala, sa ikalawang yugto, ang pangangalap ng kwalitatibong datos, nagsagawa ng panayam ang mananaliksik at pinili ang sampung (10) mag-aaral batay sa resulta ng kwantitatibong datos at ginamit ang K bilang koda sa pagtalakay ng kalahok. Gamit ang purposive sampling, nagsilbing krayterya sa pagpili ng kalahok ang sumusunod: may mababang antas ng kakayahang gramatikal sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, kasalukuyang mag-aaral sa Baitang 12, at may kawilihan na maging bahagi ng panayam.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang evaluation tool batay sa pag-aaral nina Funclara at Resuello (2021) upang masuri ang mga sanaysay na naisulat ng apatnapung (40) mag-aaral sa Baitang 12. Samantala, ginamit na batayan sa pagpapakahulugan ang pag-aaral ni Misa (2021) upang masukat ang antas ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa kanilang bilang ng tamang paggamit ng iba’t ibang aspektong gramatikal na may tuon sa morpolohiya at sintaks. Samantala, ginamit ng mananaliksik ang mga gabay na tanong sa panayam upang makuha ang datos hinggil sa suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat batay sa paggamit ng gramatikang Filipino. Ang ginamit na gabay na talatanungan ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa pagsasagawa ng mga pananaliksik sa wika at kwalitatibong uri ng pag-aaral.

Ginamit ang thematic analysis ayon sa pamamaraan nina Clarke & Braun (2017) sa pag-aanalisa at pag-oorganisa ng mga datos na nakalap mula sa mga mag-aaral. Sinuri ng mananaliksik ang naging kasagutan batay sa interbyu na isinagawa sa mga mag-aaral hinggil sa kanilang mga suliranin sa pagsulat sa Filipino. Ang mga sinuri na tugon ay siyang naging basehan sa paggawa ng mga tema. Binasa ng mananaliksik ang mga transcript at kinuha ang mga makabuluhang pahayag. Pagkatapos ay ikinategorya ang kahulugan ng bawat makabuluhang pahayag, na makalilika ng isa pang kahulugan. Pagkatapos ay inayos ang pinagsama-samang mga pormal na kahulugan ayon sa tema nito. Sunod ay sumulat ng kompletong paglalarawan ng mga tema. Tinukoy ang istruktura ng phenomenon o mga karanasan. Kasunod ay binalik sa mga kalahok para sa pagpapatunay ng paglalarawan. Kung may mga bagong impormasyong inihayag sa pagpapatunay, isinama ang mga ito ng mananaliksik sa kumpletong paglalarawan. Panghuli, naisapinal ng mananaliksik ang binagong istruktura paglalahad sa resulta ng mga datos.

Samantala, isinaalang-alang ng mananaliksik ang data triangulation sa mga nakalap na datos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panayam sa mga dating naging guro ng mga mag-aaral sa Filipino, iba pang guro sa Filipino sa Baitang 12, at ang pagkilatis sa mga naunang awtput ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa pagsulat sa Filipino. Sa pamamagitan ng mga iba pang datos ay napagtibay nito ang resulta ng pag-aaral sa parehong kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ng pananaliksik.

## 3. Natuklasan

Inilahad sa kabanatang ito ang pagsusuri sa mga datos na nakalap ng mananaliksik tungkol sa antas ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa Filipino. Nakapaloob dito ang paglalahad ng iba't ibang suliraning kinaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, kabilang ang interbensiyong nabuo upang mapahusay ang kanilang kasanayan sa gramatikang Filipino.

### *3.1 Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino na may Kaugnayan sa Morpolohiya*

Ang kakayahang gramatikal ay isang mahalagang salik sa mabisang pagsulat sa Filipino, kabilang ang aspektong morpolohikal. Ang morpolohiya ay may malaking epekto sa pagbuo ng tamang estruktura ng pangungusap at malinaw na pagpapahayag ng ideya.

Sa bahaging ito, inilalahad ang mga resulta ng pagsusuri sa gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino batay sa kanilang mga naisulat na sanaysay. Isa sa mga binigyang-tuon sa pagsusuri ay ang kanilang kakayahan sa paggamit ng morpolohiya ayon sa aspekto ng pandiwa, wastong gamit ng salita, pagbabagong morpoponemiko, at paggamit ng panlapi at salitang-ugat. Ayon kina Bucjan at Bucjan (2024), sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, ang wastong paggamit ng mga *content words*, lalo na sa aspetong morpolohikal, ay nakakatulong sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng mga kaisipan. Ang tamang pagpili ng salita, paggamit ng panlapi, at pagbubuo ng makabuluhang pangungusap ay nagiging susi sa masining at epektibong pagsulat. Samakatuwid, ang pagsusuri sa kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral ay makatutulong upang higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang antas ng kayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino na may tuon sa paggamit ng aspekto ng pandiwa:

**Talahanayan 1**

*Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Paggamit ng Aspekto ng Pandiwa*

| Aspekto ng Pandiwa | Kabuuang Bilang | Bilang ng Tamang Paggamit | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Perpektibo | 12 | 12 | 100 % | Advanced |
| Imperpektibo | 46 | 46 | 100 % | Advanced |
| Kontemplatibo | 36 | 36 | 100 % | Advanced |

Batay sa datos na ipinakita sa Talahanayan 1, makikita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng gramatikal na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang aspekto ng pandiwa sa pagsulat ng sanaysay. Sa paggamit ng perpektibo, naitala ang kabuuang 12 paggamit, at lahat ng ito ay tama, na may bahagdan na 100%. Ipinapakita nito na ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong paggamit ng perpektibong aspekto ng pandiwa, kaya't itinuturing ang kanilang antas ng kasanayan bilang *"Advanced."* Samantala, sa paggamit ng imperpektibo, nakapagtala rin ng 46 paggamit, at lahat ay tama, na may bahagdan na 100%. Ipinapakita nito na mahusay ang mga mag-aaral sa paggamit ng imperpektibong aspekto ng pandiwa sa kanilang sanaysay, na nangangahulugang nasa antas na *"Advanced"* ang kanilang kakayahan. Sa paggamit naman ng kontemplatibo, naitala ang kabuuang 36 paggamit, at lahat din ay tama, na may bahagdan na 100%. Ipinapakita nito na may mataas ding antas ng pag-unawa at tamang aplikasyon ng kontemplatibong aspekto ng pandiwa ang mga mag-aaral, kaya't itinuring na *"Advanced"* ang kanilang kakayahan.

Sa kabuuan, ang 100% tamang paggamit ng lahat ng aspekto ng pandiwa ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may lubos na kaalaman at kasanayan sa gramatika, partikular sa paggamit ng pandiwa sa iba't ibang aspekto.

**Talahanayan 2**

*Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Wastong Gamit ng Salita*

| Mga Salita | Kabuuang Bilang | Bilang ng Tamang Paggamit | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Ng | 448 | 335 | 75 % | Developing |
| Nang | 5 | 3 | 60 % | Developing |
| Kung | 20 | 14 | 70 % | Developing |
| Kong | 10 | 7 | 70 % | Developing |

Batay sa datos na ipinakita sa Talahanayan 2, makikita na ang mga mag-aaral ay nasa antas na *"Developing"* sa paggamit ng tamang salita sa pagsulat ng sanaysay. Sa paggamit ng salitang *"ng,"* naitala ang kabuuang 448 paggamit ngunit 335 lamang ang tama, na may bahagdan na 75%**.** Ipinapakita nito na bagama't may kaalaman ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salitang *"ng,"* may ilang aspeto pa rin na nangangailangan ng paglinang upang maging mas tiyak at tama ang kanilang paggamit nito. Sa paggamit ng salitang "*nang,"* mula sa kabuuang 5 paggamit, tatlo (3) lamang ang tama, na may bahagdan na 60%. Ipinapakita nito na may kahinaan pa ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng "nang," kaya't kinakailangan ng masusing pagtuturo at pagsasanay sa bahaging ito. Samantala, sa paggamit ng salitang *"kung,"* mula sa kabuuang 20 paggamit, 14 lamang ang tama, na may bahagdan na 70%**.** Ipinapakita nito na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng *"kung,"* subalit mayroon pang puwang para sa pagpapabuti. Ganito rin ang makikita sa paggamit ng *"kong,"* kung saan

mula sa kabuuang 10 paggamit, 7 lamang ang tama, na may bahagdan na 70%**.** Ipinapakita nito na may tiyak nang pag-unawa ang mga mag-aaral sa tamang gamit ng *"kong,"* ngunit kailangan pa rin ng karagdagang pagsasanay upang maging mas tiyak at tama ang kanilang paggamit nito.

Sa kabuuan, ang antas ng gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng salita ay nasa lebel na ***"Developing."*** Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng masusing gabay at pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

**Talahanayan 3**
*Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Pagbabagong Morpoponemiko*

| Uri ng Pagbabagong Morpoponemiko | Kabuuang Bilang | Bilang ng Tamang Paggamit | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Asimilasyong 'Di Ganap | - | - | - | - |
| Asimilasyong Ganap | - | - | - | - |
| Pagpapalit ng ponema | 7 | 7 | 100 % | Advanced |
| Metatesis | - | - | - | - |
| Paglilipat-diin | - | - | - | - |

Batay sa Talahanayan 3 makikita ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang uri ng pagbabagong morpoponemiko sa kanilang pagsulat ng sanaysay. Mula sa limang kategorya, tanging *pagpapalit ng ponema* lamang ang nagkaroon ng paggamit, kung saan nakamit ng mga mag-aaral ang 100% tamang paggamit batay sa ipinakitang pitong (7) kabuuang bilang ng paggamit, na nagpapahiwatig ng kanilang *advanced* na kasanayan sa aspektong ito. Samantala, walang naitalang paggamit sa *asimilasyong di-ganap, asimilasyong ganap, metatesis,* at *paglilipat-diin*, na maaaring nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay hindi pamilyar o bihirang gumamit ng mga ito sa kanilang pagsulat.

Sa kabuuan, ipinakita ng resulta na may kasanayan ang mga mag-aaral sa *pagpapalit ng ponema*, ngunit hindi nila nagamit ang iba pang uri ng pagbabagong morpoponemiko tulad ng *asimilasyon, metatesis,* at *paglilipat-diin*.

**Talahanayan 4**
*Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Paggamit ng Panlapi at Salitang-ugat*

| Paggamit ng panlapi at salitang-ugat | Kabuuang Bilang | Bilang ng Tamang Paggamit | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Unlapi | 920 | 920 | 100 % | Advanced |
| Gitlapi | 72 | 72 | 100 % | Advanced |
| Hulapi | 65 | 65 | 100 % | Advanced |
| Laguhan | 11 | 11 | 100 % | Advanced |
| Kabilaan | 340 | 340 | 100 % | Advanced |

Batay sa Talahanayan 4, makikita ang mataas na antas ng gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi at salitang-ugat sa pagsulat ng sanaysay. Ang bawat uri ng panlapi—unlapi, gitlapi, hulapi, laguhan, at kabilaan—ay may 100% tamang paggamit, na nangangahulugan na wala silang nagawang pagkakamali sa bawat pagkakataon ng paggamit. Sa paggamit ng unlapi, na may 920 pagkakataon, makikita na ito ang pinakapangkaraniwang anyo ng panlapi na ginagamit ng mga mag-aaral. Ang mataas na bilang ng paggamit nito ay nagpapahiwatig na mas pamilyar sila sa unlapi at mas madali nila itong naisasama sa kanilang sanaysay. Ang 100% tamang paggamit nito ay nagpapakita ng kanilang mahusay na pagkakaunawa sa wastong pagbuo ng salita gamit ang unlapi. Ang gitlapi naman ay may 72 pagkakataon ng paggamit, na mas mababa kumpara sa unlapi. Sa kabila nito, nananatili ang 100% katumpakan, na nangangahulugan na kahit hindi ito kasingdalas gamitin, mahusay pa rin itong nagagamit nang tama ng mga mag-aaral. Sa aspekto ng paggamit sa hulapi, mayroong 65 pagkakataon ng paggamit. Tulad ng gitlapi, mas mababa rin ang bilang ng paggamit nito, ngunit 100% pa rin ang tamang paggamit, na nagpapakita na nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano ito ginagamit sa pagbuo ng mga salita.

Samantala, sa paggamit ng laguhan, ito ang may pinakamababang bilang ng paggamit na may 11 pagkakataon lamang. Gayunpaman, nananatili ang 100% katumpakan, na nangangahulugang kahit bihira itong gamitin, nagagawa pa rin ito nang tama ng mga mag-aaral. Ang kabilaan ay may 340 pagkakataon ng paggamit, na

pangalawa sa may pinakamataas na bilang pagkatapos ng unlapi. Ang mataas na paggamit nito ay nagpapakita na ginagamit ito ng mga mag-aaral nang mas madalas sa kanilang sanaysay, at ang 100% tamang paggamit ay nagpapakita ng kanilang kakayahan sa tamang pagsasama ng unlapi at hulapi sa isang salita. Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na walang nagawang pagkakamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng anumang uri ng panlapi, na nangangahulugan na mayroon silang mataas na antas ng kasanayan sa morpolohiya ng wikang Filipino. Ang resulta ay maaaring maiugnay sa epektibong pagtuturo at sapat na pagsasanay sa paggamit ng panlapi, na nagpapalakas sa kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat (De Los Reyes, 2021).

### *3.2 Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino na may Kaugnayan sa Sintaks*

Ang mahusay na pagsulat sa Filipino ay nangangailangan ng matatag na gramatikal na kakayahan, lalo na sa aspeto ng sintaks o istruktura ng pangungusap. Mahalaga ang tamang pagbuo ng pangungusap upang maipahayag nang malinaw at maayos ang mga ideya sa akademikong pagsulat. Sa kontekstong ito, sinusuri ang gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino na may kaugnayan sa sintaks upang matukoy kung gaano sila kahusay sa paggamit ng tamang ayos ng pangungusap, wastong pagkakasunod-sunod ng mga salita, at ugnayan ng mga bahagi ng pananalita. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng masusing pagsusuri sa kanilang kasanayan at maaaring magsilbing batayan sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagsulat. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga sanaysay.

**Talahanayan 5**
*Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay na may kaugnayan sa Sintaks*

| Paggamit ng paningit o ingklitik | Kabuuang Bilang | Bilang ng Tamang Paggamit | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Ba | 15 | 15 | 100 % | Advanced |
| Kasi | 6 | 6 | 100 % | Advanced |
| Kaya | 5 | 5 | 100 % | Advanced |
| Na | - | - | - | - |
| Sana | - | - | - | - |
| Daw | 5 | 4 | 80 % | Approaching Proficiency |
| Raw | 1 | 1 | 100 % | Advanced |
| Naman | 7 | 7 | 100 % | Advanced |
| Rin | - | - | - | - |
| Din | 52 | 48 | 92 % | Advanced |
| Yata | 17 | 14 | 82 % | Approaching Proficiency |
| Lamang | - | - | - | - |
| Lang | 38 | 38 | 100 % | Advanced |
| Pala | 1 | 1 | 100 % | Advanced |
| Man | 10 | 10 | 100 % | Advanced |
| Muna | 1 | 1 | 100 % | Advanced |
| Pa | 11 | 11 | 100 % | Advanced |

Batay sa Talahanayan 5, ipinapakita na may mataas na antas ng kasanayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng paningit o *ingklitik* sa pagsulat ng sanaysay. Karamihan sa mga *ingklitik* ay may 100% tamang paggamit, kabilang ang *ba, kasi, kaya, raw, naman, din, lang, pala, man, muna,* at *pa*, na nangangahulugang *advanced* ang kanilang kasanayan sa aspetong ito. Gayunpaman, ang *daw* (80%) at *yata* (82%) ay nasa antas ng *approaching proficiency*, na nagpapahiwatig na may ilang pagkakamali pa rin sa kanilang paggamit. Makikita sa datos na may ilang *ingklitik* tulad ng *na, sana, rin,* at *lamang* na hindi nagamit ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, makikita sa resulta ng pag-aaral na may mataas na gramatikal na kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng inglitik tungo sa pagpapalawak ng mga pangungusap sa isang sanaysay sa Filipino.

### *3.3 Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Gamit ang Wastong Gramatika sa Filipino*

Sa pagsulat ng sanaysay, bawat mag-aaral ay nagpapamalas ng kanilang kakayahan sa paggamit ng gramatikang Filipino. Gayunpaman, sa kabila ng pagsisikap na makamit ang katumpakan sa pagsulat, patuloy pa rin nilang kinakaharap ang iba't ibang suliranin sa gramatika. Sa mga susunod na bahagi ng pagtalakay, ilalahad ang iba't ibang temang naglalarawan sa kanilang mga karanasan sa pagsulat, pati na rin ang mga hamong kanilang

nararanasan kaugnay ng wastong paggamit ng gramatikang Filipino.

**Kakulangan sa Bokabularyo.** Ang kakulangan sa bokabularyong Filipino ay isa sa mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral, lalo na ng mga hindi mahilig magbasa o madalang magsulat. Dahil dito, marami ang nahihirapang ipahayag nang malinaw ang kanilang mga saloobin at bumuo ng maayos at detalyadong teksto sa kanilang sariling wika. Ang lawak ng bokabularyo ng isang indibidwal ay may malaking epekto sa kanyang kakayahang ipahayag nang malinaw at masining ang kanyang mga saloobin, ideya, at argumento sa pagsulat. Batay sa resulta ng pagsusuri, kapag limitado ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga tamang salita at ekspresyon sa Filipino, nagkakaroon sila ng kahirapan sa pagbubuo ng makabuluhang pangungusap, na maaaring humantong sa mga pagkakamali sa gramatika at hindi maayos na daloy ng paglalahad ng ideya.

Ayon kay K4:

> *"Ang kakulangan sa bokabularyo sa Filipino ay nagiging dahilan sa aking paghinto sa pagsulat upang mag-isip muna."*

Dagdag pa ni K6:

> *"…hindi ako masyadong gumagamit ng wikang Filipino at minsan mahirap i-identify ang wastong terminolohiya na dapat kong gamitin upang maipahayag ng tama ang mensahe na gusto kong ipahiwatig."*

Ang mga pahayag nina K4 at K6 ay nagpapakita ng malinaw na epekto ng kakulangan sa bokabularyo sa pagsusulat ng sanaysay sa Filipino. Ipinapakita nito kung paano nagiging hadlang ang limitadong kaalaman sa mga tamang salita at terminolohiya sa maayos at tuloy-tuloy na pagsulat.

Sa tugon ni K4, makikita na ang kakulangan sa bokabularyo ay nagiging sanhi ng pagkaantala sa proseso ng pagsulat. Kapag hindi agad mahanap ng isang mag-aaral ang tamang salita upang ipahayag ang kanyang ideya, napipilitan siyang huminto upang pag-isipan muna ito. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring makaapekto sa daloy ng kaisipan at konsistensi ng sanaysay dahil nagiging hindi tuloy-tuloy ang pagsulat ng mag-aaral. Samantala, masasalamin sa naging pahayag ni K6 na isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nagkukulang sa bokabularyo ang mga mag-aaral—ang hindi madalas na paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Dahil mas bihasa o mas madalas gumagamit ang mga mag-aaral ng ibang wika (maaaring Ingles o isang diyalekto), hindi agad matukoy ang wastong terminolohiyang gagamitin sa pagsulat ng sanaysay.

Dagdag pa rito, ang pahayag ni K6 ay nagpapakita ng isang mahalagang aspeto ng pagsulat—ang tamang pagpili ng salita. Sa akademikong pagsulat, hindi sapat na basta lamang makapagsulat; kinakailangan din na tama at angkop ang mga salitang ginagamit upang maihatid ang mensahe nang malinaw at may lalim. Kung ang isang mag-aaral ay may limitadong bokabularyo, may posibilidad na gumamit siya ng di-akmang salita na maaaring magdulot ng kalituhan sa kanyang mambabasa. Sa pag-aaral nina Santos at Dela Cruz (2020), tinalakay ang suliraning pangwika ng mga mag-aaral na may kakulangan sa kanilang bokabularyo sa wikang Filipino. Binigyang-diin sa kanilang pananaliksik ang epekto ng kakulangan sa bokabularyo sa kanilang kakayahan na maipahayag ang kanilang mga ideya at opinyon sa pagsusulat. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ng guro ang interbensyon sa pagpapaunlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral upang maging madali ang pagpapahayag ng ideya tungo sa epektibong pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

**Pagkalito sa Paggamit ng Bantas.** Ang wastong paggamit ng bantas ay mahalaga para sa mga mag-aaral upang maipahayag nang malinaw at maayos ang mga ideya sa pagsulat. Nakakatulong ito upang mapanatili ang organisasyon ng mga pangungusap at maiwasan ang kalituhan sa pagpapakahulugan ng kanilang mensahe. Sa isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok ay natuklasan na mayroong suliranin na kinakaharap ang mga mag-aaral partikular sa paggamit ng bantas sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Binigyang-diin ng mga kalahok na naaapektuhan ang daloy ng kaisipan sa isinusulat na teksto dahil sa oras na iginugugol sa pagtiyak sa wastong bantas sa isang pangungusap.

Ayon kay K7:

> *"Ang problemang kinaharap ko ay tulad na lamang ng mga bantas dahil hindi pa naman ako sigurado kung saang parte ako maglalagay ng kuwit, tuldok at iba pang mga bantas."*

Saad pa ni K1:

> *"Ako ay nahihirapan sa paggamit ng gitling, kuwit, slash at iba pa."*

Batay sa pahayag nina K7 at K1, makikita na kahit na may sapat na ideya at kaalaman ang mga mag-aaral sa kanilang isinusulat, nagiging hadlang ang kanilang kawalan ng kasiguraduhan sa wastong paggamit ng bantas upang maipahayag nang malinaw at epektibo ang mensahe ng sanaysay. Sa isinagawang pakikipanayam, binigyang-diin ni K7 ang kawalan ng kasiguruhan sa tamang paggamit ng mga bantas tulad ng kuwit (,) at tuldok (.). Ang hindi tamang paglalagay ng mga bantas ay maaaring magresulta sa maling interpretasyon ng isang pangungusap, na maaaring magpabago ng kahulugan ng mensahe.

Samantala, ang pahayag ni K1 ay nagpapakita na hindi lamang ang karaniwang bantas tulad ng kuwit at tuldok ang nagiging hamon sa mga mag-aaral, kundi pati na rin ang mga mas teknikal na bantas gaya ng gitling (-) at iba pa. Ang ganitong uri ng suliranin ay maaaring sanhi ng kawalan ng sapat na kaalaman sa tiyak na gamit ng bawat bantas. Ang problemang ito ay maaaring maiugnay sa kakulangan sa pormal na pagtuturo at pagsasanay sa paggamit ng bantas. Sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng wika, mas binibigyang-pansin ang gramatika at istruktura ng pangungusap kaysa sa wastong gamit ng mga bantas. Dahil dito, maraming mag-aaral ang hindi nagiging pamilyar sa tamang paggamit ng mga ito, kaya't nagkakaroon ng alinlangan sa pagsusulat. Maiuugnay ang resultang ito sa isinagawang pag-aaral nina Dela Cruz at Mendoza (2020), na maraming estudyante ang nahirapang gumamit ng mga bantas tulad ng mga tuldok, kuwit, at mga salungguhit nang tama, na nagreresulta sa kakulangan ng kalinawan at istruktura sa kanilang mga pangungusap. Sa kabuuan, mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral ang wastong gamit ng bantas upang hindi mahirapan sa pagpapalawak ng pangungusap at nang hindi ito magkaroon ng tuwirang epekto sa pangkalahatang mensahe o ideya na nais ipabatid nang naisulat na sanaysay.

**Kahirapan sa Pagsasalin ng mga Termino**. Ang pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay nangangailangan ng malinaw at tiyak na pagpapahayag ng mga ideya, kaya't napakahalaga ng tamang paggamit ng wika at mga terminolohiya. Isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang kahirapan sa pagsasalin ng mga termino, lalo na kung ang mga konsepto ay mas pamilyar sa Ingles kaysa sa Filipino. Ang problemang ito ay maaaring makaapekto sa lohikal na daloy ng sanaysay, kawastuhan ng gramatika, at pangkalahatang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat.

Ayon kay K2:

> *"Suliranin ko sa pagsulat ang paghahanap ng tamang salita na magbibigay ng parehong kahulugan. Minsan kasi mahirap magtranslate dahil nga may ibang termino na walang katumbas sa ibang lenggwahe."*

Nagbigay naman ng pahayag si K9 na:

> *"Nahirapan ako sa mga translation ng mga Ingles na salita sa Filipino."*

Batay sa mga naging tugon nina K2 at K9, mahihinuha kung paano nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay dahil kakulangan ng kaalaman sa pagsasalin ng mg termino. Binigyang-diin ng mga mag-aaral na ang pagsasalin sa mga termino mula Ingles patungong Filipino ay nakatutulong upang higit na maging malinaw ang daloy ng pagtalakay ng mga ideya sa bawat pangungusap at talataan. Sa pahayag ni K2, iniuugnay niya ang pagsasalin sa paraan ng pagpili ng mga angkop na salita na magbibigay-linaw sa paksa ng sanaysay. Binigyang-diin ni K2 na mahirap makahanap ng katumbas na salita na may parehong kahulugan, lalo na kung walang tuwirang salin ang isang konsepto sa Filipino. Ang problemang ito ay maaaring magdulot ng maling gamit ng salita,

estruktura ng pangungusap, at pagkawala ng orihinal na diwa ng sanaysay. Ang kalagayang ito ay nagpapakita ng kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika at bokabularyong Filipino.

Sa pagsulat ng sanaysay, ang kahirapan sa pagsasalin ay maaaring humantong sa ilang suliranin. Batay sa salaysay ng mga kalahok, maaaring bumagal ang proseso ng pagsulat dahil sa matagal na pag-iisip sa tamang salitang gagamitin. Ang mga mag-aaral ay maaaring huminto nang matagal sa kanilang pagsusulat upang mag-isip ng tamang termino, na maaaring makaapekto sa daloy ng paglalahad ng ideya. Dagdag pa, maaari itong magdulot ng paggamit ng maling salita, na maaaring magpabago sa orihinal na kahulugan ng nais ipahayag. Halimbawa, kung isasalin nang literal ang *"critical thinking"* bilang *"mapanganib na pag-iisip"*, mawawala ang tunay na kahulugan nito bilang *"mapanuring pag-iisip"*. Maiuugnay ang kontekstong ito sa resulta ng isinagawang pag-aaral nina Benitez (2019), kung saan ay binigyang-diin ang gampanin ng pagsasalin ng mga terminolohiya sa Filipino tungo sa ganap na pang-unawa ng mga mag-aaral, hindi lamang sa teksto kundi maging sa iba pang mataas na antas ng diskurso. Samakatuwid, ang pagsasalin bilang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino ay dapat na bigyang-tugon upang maiwasan ang pagkakaroon ng *barrier* o sagabal sa pagpapalawak ng ideya ng mga mag-aaral.

**Kahirapan sa Paggamit ng Wastong Salita at Pagbabaybay.** Sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, mahalagang gamitin ang wastong salita at pagbabaybay upang matiyak ang malinaw at epektibong pagpapahayag ng mga ideya. Gayunpaman, marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang pumili ng tamang salita, lalo na kung may pagkakahawig ang kahulugan ng ilang termino o kung hindi pamilyar sa mas malalalim na bokabularyo ng Filipino. Bukod rito, nagiging hamon din ang tamang pagbabaybay ng mga salita, partikular na sa mga salitang may digrapo (*ng*), diptonggo, at hiram na salita mula sa Ingles o iba pang wika. Ang mga suliraning ito ay maaaring magdulot ng kalituhan at pagkakamali sa pagsulat, na maaaring makaapekto sa bisa at kahusayan ng isang sanaysay.

Ayon sa pahayag ni K5:

> *"Yung mga salitang gagamitin kasi sa pagkakaalam ko pagdating sa gramatikang Filipino maraming nakalilitong salita minsan nakakalimutan ko kung kalian o saan gagamitin ang "nang at ng' pati na siguro kung paano bibigyang buhay ang salita para mas benta sa henerasyon ngayon, dapat creative sa paggamit ng mga salita"*

Saad pa ni K9:

> *"Ang suliranin na kinaharap ko sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wastong gramatikang Filipino ay una, spelling o baybay ng ilang salita. Hindi ako sigurado kung o o u ba ang gagamitin."*

Batay sa pahayag ni K5, inilarawan niya ang pagkalito sa paggamit ng mga salita ayon sa gramatikang Filipino, tulad ng tamang paggamit ng *"nang"* at *"ng",* na isang pangkaraniwang pagkakamali ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin naman ni K9 ang kahirapan sa tamang baybay ng mga salita, lalo na sa mga titik tulad ng "o" at "u", na maaaring magdulot ng kalituhan at maling interpretasyon sa pagsusulat. Sa pagsulat ng sanaysay, ang mga problemang ito ay maaaring magdulot ng maling interpretasyon ng mensahe o pagkawala ng daloy ng ideya. Kapag hindi malinaw ang gamit ng isang salita, maaaring hindi ganap na maiparating ng mag-aaral ang nais nitong ipahayag. Batay sa pahayag ng mga kalahok, kung maling magamit ang *"nang"* sa halip na *"ng"*, maaaring magkaroon ng hindi tiyak na kahulugan ang isang pangungusap. Gayundin, ang maling pagbabaybay ng isang salita ay maaaring makasira sa kredibilidad ng isang akademikong sulatin. Maiuugnay ang resultang ito sa isinagawang pag-aaral ni Gomez (2019), kung saan ang paggamit ng wastong mga panlapi at pagkakasunud-sunod ng salita ay nagpapakita ng kaalaman sa linggwistika at nagpapatibay sa kredibilidad ng manunulat. Dagdag pa ni Rivera (2021), ang wastong pagbaybay ay nagpapakita ng paggalang sa wika at kultura. Samakatuwid, mahalaga ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpili ng mga angkop na salita gayundin ang pagsasaalang-alang sa katumpakan sa baybay ng mga salita upang matiyak ang mensaheng nakapaloob sa sanaysay sa Filipino.

**Kapitalisasyon.** Ang wastong paggamit ng kapitalisasyon ay mahalaga upang bigyang-diin ang mga espesyal

na salita o mahahalagang sipi sa teksto. Sa konteksto ng isinagawang pagsusuri sa tugon ng mga kalahok, lumabas sa resulta na karaniwang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ang pagtiyak sa wastong paggamit ng kapitalisasyon sa mga salita. Binigyang-diin ng mga kalahok na ang pagkalito sa ano at kailan ang paggamit ng kapitalisasyon ay may malaking epekto sa pangkalahatang nilalaman at organisasyon ng sanaysay sa Filipino.

Ayon sa pahayag ni K6:

*"Nahihirapan ako sa bahagi na kung kalian gagamit ng malalaki at maliliit na titik"*

Dagdag pa ni K3:

*"Ang aking kinaharap sa pagsulat ng sanaysay mahirap mag-isip kung paano ka magsisimula at pagsulat sa kapitalisasyon."*

Sa pahayag ni K6 ay makikita kung paano nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy kung kailan gagamit ng malaking titik o ang tinatawag na kapitalisasyon, habang binanggit naman ni K3 na ang sa pagsisimula ng sanaysay ay isang suliranin ang pagsasaalang-alang sa wastong anyo ng mga titik ng bawat salita, partikular ang paggamit ng kapitalisasyon. Iniugnay ng mga kalahok ang suliraning ito sa kakayahan sa gramatikong Filipino partikular ang kaalaman sa pagtukoy sa mga pangngalan na pambansa at pambalana bilang pangunahing konsepto ng paglalapat ng kapitalisasyon sa pagsulat.

Ang suliraning ito ay maiugnay sa kakulangan sa pormal na kaalaman sa mga tuntunin ng kapitalisasyon sa wikang Filipino. Sa akademikong pagsulat, may mahigpit na pamantayan kung kailan dapat gumamit ng malaking titik, tulad ng sa pagsisimula ng pangungusap, paggamit sa mga pangalan ng tao, lugar, institusyon, at iba pang tiyak na pangngalan. Sa konteksto ng pagsulat ng sanaysay, ang maling paggamit ng kapitalisasyon ay maaaring makaapekto sa pormalidad at estruktura ng teksto. Ang hindi tamang paggamit ng malaking titik sa mga salitang hindi nangangailangan nito ay maaaring magdulot ng impresyon ng kakulangan sa kaalaman sa gramatika. Samantala, ang hindi paggamit ng malaking titik sa mga tamang pagkakataon ay maaaring makabawas sa pagiging malinaw at epektibo ng mensahe ng sanaysay.

Bukod dito, binanggit din ni K3 ang hamon ng pagsisimula ng sanaysay, na isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagsulat. Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbubuo ng pambungad na pangungusap dahil nangangailangan ito ng tamang tono at estratehiya upang maakit ang interes ng mambabasa. Ang resultang ito ay maiuugnay sa pahayag ni Santiago (2018), kailangang isaalang-alang ang kapitalisasyon sa mga tuntunin sa gramatika upang mapanatili ang kahusayan at kaayusan sa pagsulat. Samakatuwid, mahalagang magkaroon ng sapat na pagsasanay ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kasanayan sa kapitalisasyon tungo sa pagkakaroon ng epektibong sanaysay sa Filipino.

### *3.4 Sintesis: Kakayahan at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Gramatikang Filipino*

Ang pagkakaroon ng angkop na kakayahan sa gramatikang Filipino ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Sa isinagawang pananaliksik ay binigyang-tuon ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino at ang mga suliraning kaugnay nito sa pagsulat ng sanaysay.

Batay sa datos na nakalap, ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng gramatikal na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang aspekto ng pandiwa sa pagsulat ng sanaysay. Ang 100% tamang paggamit ng lahat ng aspekto ng pandiwa ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may lubos na kaalaman at kasanayan sa gramatika, partikular sa paggamit ng pandiwa sa iba't ibang aspekto. Samantala, ang antas ng gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng salita ay nasa lebel na ***"Developing."*** Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng masusing gabay at pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Sa aspekto ng pagbabagong morpoponemiko, mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa *pagpapalit ng ponema*, ngunit hindi nila nagamit ang iba pang uri ng pagbabagong morpoponemiko tulad ng

*asimilasyon, metatesis,* at *paglilipat-diin*. Mula sa limang kategorya, tanging *pagpapalit ng ponema* lamang ang nagkaroon ng paggamit, kung saan nakamit ng mga mag-aaral ang 100% tamang paggamit, na nagpapahiwatig ng kanilang advanced na kasanayan sa aspektong ito. Sa aspektong sintaks, may mataas na antas ng kasanayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng paningit o *ingklitik* sa pagsulat ng sanaysay. Karamihan sa mga *ingklitik* ay may 100% tamang paggamit, kabilang ang *ba, kasi, kaya, raw, naman, din, lang, pala, man, muna,* at *pa*, na nangangahulugang *advanced*.

Bagama't mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspektong morpolohikal at sintaks, mayroong iba't ibang suliranin na kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Batay sa isinagawang panayam sa mga mag-aaral, karaniwan sa mga suliranin sa pagsulat ng sanaysay ay ang kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa paggamit ng bantas, kahirapan sa pagsasalin ng mga termino, kahirapan sa paggamit ng wastong salita, pagbabaybay, at kapitalisasyon. Ang mga suliraning ito ay may malaking epekto sa pagpapahayag ng mga mag-aaral at ang kanilang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap ay hindi gaanong napapaunlad dahil sa mga natukoy na sagabal o hadlang sa pagsulat.


Ang mga datos mula sa resulta ng pananaliksik ay maiuugnay sa pag-aaral nina Santos at Dela Cruz (2020), kung saan ay tinalakay ang suliraning pangwika ng mga mag-aaral na may kakulangan sa kanilang bokabularyo sa wikang Filipino. Mahalagang isaalang-alang ng guro ang interbensyon sa pagpapaunlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral upang maging madali ang pagpapahayag ng ideya tungo sa epektibong pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Sa isinagawang pag-aaral nina Dela Cruz at Mendoza (2020), maraming estudyante ang nahirapang gumamit ng mga bantas tulad ng mga tuldok, kuwit, at mga salungguhit nang tama, na nagreresulta sa kakulangan ng kalinawan at istruktura sa nabuong mga pangungusap. Samantala, sa isinagawang pag-aaral ni Gomez (2019), ang paggamit ng wastong mga panlapi at pagkakasunud-sunod ng salita ay nagpapakita ng kaalaman sa linggwistika at nagpapatibay sa kredibilidad ng manunulat. Dagdag pa ni Rivera (2021), ang wastong pagbaybay ay nagpapakita ng paggalang sa wika at kultura. Samakatuwid, mahalaga ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpili ng mga angkop na salita gayundin ang pagsasaalang-alang sa katumpakan sa baybay ng mga salita upang matiyak ang mensaheng nakapaloob sa sanaysay sa Filipino.

Sa pangkalahatan, batay sa naging tugon ng mga kalahok at sa naging resulta sa pangangalap ng kwantitatibong datos, mahalagang bigyang-tugon ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat sa kabila ng mataas na antas ng kakayahan sa aspektong morpholohikal at sintaks. Inilarawan ng kwantitabong datos na may mga aspekto sa gramatikang Filipino na nangangailangan ng pagpapaunlad sa bahagi ng mga mag-aaral.

### *3.5 Mungkahing Interbensyon sa Pagpapaunlad sa Kakayahan ng mga Mag-aaal sa Gramatikang Filipino*

Batay sa mga datos na nakalap, ang mga mag-aaral ay mayroong kinakaharap na suliranin sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino batay sa kanilang kakayahan sa gramatikang Filipino. Bilang tugon, ang mananaliksik ay nakabuo ng *framework* ng panukalang interbensyon upang mapaunlad ang kakayahang gramatikal sa Filipino ng mga mag-aaral, hindi lamang sa sanaysay kundi sa ibang aspekto ng pagsulat at pagpapahayag. Ang nabuong *framework* ay may tuon sa gampanin ng guro at ang mga gawain na maglulundo sa mga mag-aaral tungo sa mas mabisang pagkatuto ng gramatikang Filipino.

Ang figyur sa ibaba ay nagpapakita sa *framework* ng panukalang interbensyon na nakaangkla sa resulta ng isinagawang pananaliksik.




*Figyur 1*. Framework ng Panukalang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Gramatikal ng mga Mag-aaral sa Filipino

***Rasyonal***

Ang pagsulat sa Filipino ay isang kasanayan na patuloy nililinang ng bawat guro sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Sa pagsulat, isa ang kakayahang gramatikal na kinakailangang taglay ng bawat mag-aaral upang malinaw na maipahayag ang mga ideya at upang matiyak ang pagiging organisado ng daloy ng mga kaisipan. Sa isinagawang pananaliksik, lumabas na ang mga mag-aaral ay mayroong iba't ibang suliranin sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

Bagama't may mataas na antas ng kakayahan ang mga mag-aaral sa iba't ibang aspektong morpolohikal at sintaktikal, patuloy pa rin silang humaharap sa iba't ibang suliranin sa pagsulat ng sanaysay. Batay sa isinagawang panayam, ilan sa mga karaniwang suliraning ito ay ang kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa paggamit ng mga bantas, kahirapan sa pagsasalin ng mga termino, maling paggamit ng mga salita, pati na rin ang mga isyu sa pagbabaybay at kapitalisasyon. Ang mga hamong ito ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya, gayundin sa kanilang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap, na hindi lubusang napapaunlad dahil sa mga nasabing hadlang sa pagsulat.

Ang mga natuklasang datos sa pananaliksik na ito ay tumutugma sa pag-aaral nina Santos at Dela Cruz (2020), na nagtampok sa suliraning pangwika ng mga mag-aaral na may limitadong bokabularyo sa Filipino. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang pagsasagawa ng mga interbensyon upang mapaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral, na makatutulong sa mas epektibong pagpapahayag ng kanilang mga ideya sa pagsulat ng sanaysay. Samantala, sa pananaliksik nina Dela Cruz at Mendoza (2020), natuklasan na maraming mag-aaral ang may kahirapan sa tamang paggamit ng mga bantas tulad ng tuldok, kuwit, at salungguhit, na nagreresulta sa hindi malinaw na estruktura ng pangungusap. Ayon naman sa pag-aaral ni Gomez (2019), ang wastong paggamit ng mga panlapi at maayos na pagkakasunud-sunod ng mga salita ay nagpapakita ng kaalaman sa lingguwistika at nagpapalakas sa kredibilidad ng isang manunulat. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Rivera (2021) na ang tamang pagbabaybay ay isang manipestasyon ng respeto sa wika at kultura.

Sa kabuuan, mahalagang linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpili ng angkop na mga salita at tiyakin ang kawastuhan sa pagbabaybay upang matiyak na malinaw at epektibo ang mensaheng nais ipahayag sa kanilang mga sanaysay sa Filipino. Kaya naman, bilang tugon sa mga nabanggit na suliranin, ang mananaliksik ay nakabuo ng mungkahing interbensyon sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino. Ang panukalang interbensyon ay nakatuon sa tatlong aspekto – pagtataya, pagsasanay, at mentoring. Ang mga ito ay magsisilbing panimulang hakbang upang magkaroon ng pag-unlad sa kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral.

***Layunin***

- Matukoy ang mga kahinaan sa gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng pagtataya;
- Makabuo at makapagpatupad ng mga angkop na interbensyon upang mapabuti ang paggamit ng wasto at epektibong gramatika sa pagsulat at pagsasalita ng mga mag-aaal;
- Mapaunlad ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng gramatika sa pamamagitan ng pagsasanay at paggamit ng makabagong estratehiya; at
- Masuri ang bisa ng ipinatupad na interbensyon sa pamamagitan ng patuloy na pagmomonitor at pagtataya sa pag-unlad ng mga mag-aaral.

***Mga Kasangkot sa Programa -*** Batay sa konteksto kung saan isinagawa ang pananaliksik, pangunahing kasangkot sa pagsasakatuparan ng programa ay ang mga guro sa Filipino sa isang tiyak na mataas na paaralan sa Dibisyon ng Catbalogan, Samar. Magsisilbing *recipient* sa isasagawang pagtataya, *mentoring,* at pagsasanay ang mga mag-aaral sa Filipino partikular ang mga nasa Baitang 12. Sa pagtukoy ng mga kalahok na mag-aaral, magsisilbing batayan ang naging resulta ng pananaliksik kung saan ay natukoy ang mga mag-aaral na may

mababang peformans sa pagsulat ng sanaysay. Inaasahan na sa pagtatapos ng implementasyon ng programa ay mapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa aspekto ng pagsulat ng sanaysay batay sa pamantayan ng gramatikang Filipino.

***Time-frame ng Implementasyon***

**Talahanayan 6**
*Time-frame* sa Implementasyon ng Panukalang Programa

| | IMPLEMENTASYON | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain | Hunyo | Hulyo | Agosto | Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre |
| Paunang Pagtataya | ■ | ■ | | | | | |
| *Peer Mentoring* | | | ■ | ■ | | | |
| Pagsasanay | | | ■ | ■ | ■ | | |
| *Feedbacking* | | | | | ■ | ■ | ■ |

Makikita sa Talahanayan 7 ang *time-frame* sa implementasyon ng panukalang program ana nakatuon sa tatlong yugto: *Pagtataya, Peer Mentoring, at Pagsasanay.* Pagkatapos ng tatlong yugto, inaasahan na maisasagawa ang *feedbacking* upang matiyak na mayroong pag-unlad ang performans ng mga mag-aaral. Ang resulta nito ang magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga pagpaplano ng gawaing pampagkatuto sa mga mag-aaral.

***Pagtataya -*** Sa yugtong ito, ang guro ay magsasagawa ng pagtataya sa performans ng mga mag-aaral partikular ang kanilang kakayahang gramatikal sa Filipino. Ang mga mag-aaral na mapapabilang sa may mababang antas ng kakayahan ang bibigyang-tuon sa isasagawang interbensyon. Samantala, ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahang gramatikal ay bibigyan ng mga gawaing higit na magpapaunlad sa kanilang pagkatuto sa gramatikong Filipino. Ang guro sa bahaging ito ay gagamit ng iba't ibang kagamitan (*tool)* sa pagtataya ng kakayahan ng mga mag-aaral. Bawat detalye ay itatala ayon sa kahingian ng kagamitan sa pagtataya. Isasagawa ang pagtataya bago at pagkatapos isakatuparan ang isang tiyak na aralin o paksa.

***Pagsasanay -*** Sa yugtong ito, ang mga natukoy na mag-aaral na may mababang antas ng kakayahang gramatikal sa Filipino ay sasailalim sa iba't ibang pagsasanay sa Filipino. Ang guro ay magbibigay ng pagsasanay ayon sa resulta ng panimulang pagtataya sa performans ng mga mag-aaral. Ang pagsasanay na ibibigay ng guro ay nakabatay sa pangangailangang gramatikal ng isang tiyak na mag-aaral. Ito ay maaaring isagawa sa loob ng tatlo o mahigit pang bilang ng sesyon, depende sa antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagsasanay ay maaaring sa anyong pasulat – isahan o pangkatan.

***Mentoring -*** Sa yugtong ito, ang *mentoring* ay isasagawa sa pagitan ng guro at mag-aaral at mag-aaral sa kapwa mag-aaral. Titiyakin ng guro na magkakaroon ng *peer mentoring* kung saan batay sa panimulang pagtataya, ang mga natukoy na mag-aaral na may mataas na antas na kakayahang gramatikal ay magsisilbing *mentor* sa kaklase na nangangailangan ng pagpapaunlad. Sa bahaging ito, ang guro ay magsasagawa ng *monitoring* sa mangyayaring *mentoring* kung ang bawat mag-aaral ay sumusunod sa kani-kaniyang gampanin sa proseso ng interbensyon.

***Ebalwasyon sa Pagpapatupad ng Interbensyon -*** Pagkatapos maipatupad ang panukalang interbensyon sa loob ng isang tiyak na markahan, ang guro ay magsasagawa ng ebalwasyon sa performans ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay tatayain sa pamamagitan ng mga pasulat na gawain upang matiyak na nagkaroon ng paglapat sa mga natutuhan mula sa isinagawang pagsasanay at iba't ibang *mentoring*. Ang mga mag-aaral na may magandang performans ay bibigyan ng pagkilala bilang bahagi ng pagbibigay-motibasyon na panatilihin ang mithiing mapaunlad ang kakayahang gramatikal sa Filipino. Dagdag pa, ang pagkakabit ng festival sa makasaysayang *Lumang Bangahon* ay nagpapalalim sa kahulugan ng pagdiriwang dahil nagiging paraan ito ng pagbabalik-tanaw at pagkilala sa pinagmulan ng bayan—sa kanilang pagbangon, sakripisyo, at pagkakaisa bilang komunidad. Higit sa lahat, lumitaw na ang festival ay produkto ng *kolektibong pagkilos*: LGU, guro, kabataan, performers, magsasaka, artists, at simbahan. Ito ay sumasalamin sa prinsipyong pinapahalagahan ng Social Capital

Theory—na ang kultura ay lalong lumalakas kapag pinananatili at isinasabuhay nang sama-sama.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Natuklasan sa pag-aaral na ito Ang mga mag-aaral sa Baitang 12 ay may mataas na antas ng kakayahang gramatikal sa Filipino batay sa aspektong morpolohikal at sintaks. Samantala, nangangailangan ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita sa pagsulat kung saan ay nasa lebel ng "*Developing*". Bagama't mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspektong morpolohikal at sintaks, mayroong iba't ibang suliranin na kinakaharap ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Karaniwan sa mga suliranin sa pagsulat ng sanaysay ay ang kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa paggamit ng bantas, kahirapan sa pagsasalin ng mga termino, kahirapan sa paggamit ng wastong salita, pagbabaybay, at kapitalisasyon. Ang pagkakaroon ng pagtataya, pagsasanay, at mentoring bilang panukalang interbensyon sa pagpapaunlad ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral sa Filipino ay makatutulong upang matugunan ang kanilang kahirapan sa iba't ibang aspekto ng pagsulat.

Bilang rekomendasyon Magsagawa ng pagsasanay sa pagsulat sa Filipino na nakatuon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita at ang pagbuo ng mga estratehiya upang mapadali ang pagpapalawak ng ideya ng mga mag-aaral gamit ang ibang elemento ng pagsulat ng sanaysay. Magkaroon ng *mentoring sessions* kung saan ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na matuto sa guro at kapwa mag-aaral. Isaalang-alang sa bawat sesyon ang pangangailangang gramatikal ng mga mag-aaral. Magsagawa ng pagtataya sa kabisaan ng panukalang interbensyon at tiyakin ang pagsasakatuparan sa proseso ng ebalwasyon ng pag-unlad sa kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral, hindi lamang sa pagsulat ng sanaysay kundi maging sa iba pang uri ng diskurso.

## 5. Talasanggunian


Alejo, M.C.P., Martinez, F.T., & Luzares, M.R.C. (2019). Morphological Awareness and Reading Ability among Filipino Elementary Students. *ASEAN Journal of Open Distance Learning, 11*(2), 1-11.

Alnefaie, M. (2023, March 28). *Comparison Study: The Impact of Lecturer's Feedback on EFL Students' Essay*s.

Asugui, J. P. (2015), *Kakayahan sa Pakikipagtalastasan ng mga Mag-aaral Gamit ang Wikang Filipino*. Di-Nalathalang Tesis, Batangas State University, Lungsod Batangas.

Ayon, A. (2019, March 29). *Isang pag-aaral sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa baitang 11 ng general academic strand sa wastong paggamit ng wikang Filipino ng Our Lady of Fatima University sa kasanayan sa pakikipagtalastasan*. Academia.edu.

Bandola, J. D. (2016). Filipino bilang bahagi ng K-12. Press Reader.

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. *The International Journal of Education, Management and Social Sciences*, *3*(1).

Batang, B.L. (2014). *Communicative Learning Competence and Language Learning Styles of Prospective Teachers of English*. Unpublished Dissertation. Isabela State University. Cabagan Isabela.

Bautista, M. P. (2019). *Pagkatuto at pagpapabuti ng kasanayan sa balarilang Filipino sa mga mag-aaral ng hayskul: Mga hakbang at estratehiya. Pambansang Aklatan*.

Beldad, E., Jose, E., Laguda, E., & Tumampil, E. (2020, December). *Kaalaman sa paggamit ng bantas ng mga piling mag-aaral na nagsipagtapos ng senior high school*. Studocu.

Benitez, C. J. R. (2019). translation, as a critical compass. *Katipunan*, *4*(1), 4-6.

Benito, J. J. (2023). Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Antas Sekondarya, *Global Scientific Journals,* Volume 11, Issue 2.

Bernales, R.A., Bernardino, E.C., Sison, E.O.., Babasa, E.E. (2013). *Retorika: Ang Sining ng Pagpapahayag Batayan at Sanayang-Aklat sa Filipino 3, Antas Tersarya*. Mutya Publishing House Inc.

Bisa at Cruz. (2014). *Pagpapaliwanag ng gramatika*.

Clarke, V., & Braun, V. (2017). Thematic analysis. *The journal of positive psychology*, *12*(3), 297-298.

Bucjan, E., & Bucjan, M. (2024). From Word to Money: A Linguistic Analysis of Handheld Content Words. *Multicultural Education Journal*.

Caballero, E. T. (2016). *Pagsusuri at pagsasanay sa pagsusulat ng sanaysay*. Balangay Press.

Cantre, M. C. (2013). *Ang Masining na Pagpapahayag*. Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

Chomsky, N. (1965). *Aspects of the theory of syntax*. MIT Press.

Cubar, N., Cubar E. (2016). *Writing Filipino Grammar.*

Dela Cruz, A. B., & Mendoza, R. S. (2020). Wastong Paggamit ng Bantas: Isang Pag-aaral sa mga Mag-aaral ng Mataas na Paaralan. *Journal of Filipino Language and Literature, 25*(1), 78-91.

De Los Reyes, A. (2021, July). *Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan*. Studocu.

Dragon, C. D. (2023). Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino. 7(1), 269-281.

Fillmore, C. J. (1980). Two views of linguistic method: A generative view and a constructionist view. In P. R. Cole & J. L. Morgan (Eds.), *Syntax and semantics* (Vol. 14, pp. 243–282). Academic Press.

Fried, M. and Jan-Ola, O. (2014). Construction Grammar: A thumbnail sketch. In *Construction Grammar in a cross-language perspective***.** Edited by Mirjam Fried and Jan-Ola Östman, 11–86. Amsterdam: John Benjamins.

Gaddis, C. R. (2020). *The art of writing essays: A guide to developing communication skills.* New York University Press.

Gamban, M. (2016). *Propisyensi sa gramatikang Filipino ang mga guro sa Mataas na Paaralan ng Gordon Heights, lungsod ng Olongapo*. T.P. 2016-2017

Gannaban, M. F. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. *DALUMAT E-Journal, 6*(2), 1.

Garcia, A. B. (2020). Epektibong Pagsasanay sa Gramatika: Isang Pagsusuri sa mga Pamamaraan at Resulta. *Journal of Language Teaching and Learning, 25*(2), 67-82.

Garcia, L. (2017). Wika: Mga Teorya at Paniniwala sa Pagkatuto. Wordpress.

Gomes, S.E., Vieira, L.B., & da Rocha, M.I.C. (2017). Syntactic Awareness and Its Relationship to Reading Comprehension in Elementary School Children. Paidéia (Ribeirão Preto), 27(66), 141-149.

Gomez, J. (2019). Ang Mahalagang Papel ng Tamang Pagbaybay sa Komunikasyon. Journal of Filipino Linguistics, 24(2), 45-57.

Gonzalez, M. (2018). Ang Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Pagsusulat at Pagbasa sa Sekundaryong Edukasyon. Journal of Filipino Education, 42(2), 87-102.

Ibay, R. A. (2020). Kakayahan ng mga guro sa Filipino: Susi sa pagpapayaman ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral. ResearchGate.

Kumar (2015). https://www.amazon.in/Comprehensive-English-Grammar-Kumar-Sharma-ebook/dp/B0

Lasala, C. B. (2014). (Communicative Competence of Secondary Senior Students: Language Instructionan Pocket. Unpublished Dissertation, University of the Visayas, Cebu City.

Lee, J. (2015). *COnnquer Grammar*, Singapore Asia Publisher Ptc.Ltd.

Malicsi, J. C. (2013) *Gramar ng Filipino*. Lungsod Quezon: UP Sentro ngPhilippines, Baguio City.

Manaol, Jirah (2014) Ang gramatika. hpts://www.edu.aims.asdh.meanings//98jf.wiki.kumo.oficcial.

Marasigan, L. G. (2019). Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo. Di Nalathalang Tesis, Mindoro State College of Agricuture and Technology, Lungsod Calapan, Oriental Mindoro, Philippines.

Mcleod, S. (2023, September 7). Language Acquisition Theory. https://www.simplypsychology.org/language.html. Retrieved January 13, 2024.

Misa, R. (2021). Filipino grammar skills of students of grade 9 laboratory high school of President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 58-68.

Mustacisa, N. E. (2014). Mga Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo.

Nordquist, R. (2019). Communicative Competence Definition, Examples and Glossary. ThoughtCo.

Pacayra, R. C. (2017). Paglinang ng talasalitaan sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa distrito ng

Jiabong: Basehan sa pagpapayamang gawain.

Ramos, T. (2016). Makabagong Balarila ng Pilipino (1977).

Ramos, J. C. (2018). Epektibong Pagpapalakas ng Kakayahan sa Gramatika sa Pamamagitan ng Workshop: Isang Pagsusuri. Journal of Language Education and Research, 14(1), 35-50.

Resuello, M. R., & Funclara, R. D. (2021). Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino.

Rivera, M. (2021). Respeto sa Wika: Kahalagahan ng Wastong Pagbaybay. Filipino Studies Journal, 36(3), 112-125.

Reyes, M. T. (2018). Sanaysay: Kasaysayan, kahulugan, at mga anyo. University of the Philippines Press.

Sanaysay Editorial Team. (2023, June 7). Ano ang Sanaysay? Kahulugan at Mga Halimbawa.

Santiago, M. (2018). “Wastong Kapitalisasyon: Isang Pagsusuri.” Philippine Journal of Language Studies, 3(1), 23-36.

Santos, R. A., & Dela Cruz, M. S. (2020). Kakulangan ng Bokabularyo sa Filipino ng mga Mag-aaral: Isang Pag-aaral. Journal of Filipino Language Education, 17(1), 30-42.

Santos, R. M. (2019). Pagtuturo ng Wastong Gramatika sa Wikang Filipino: Isang Pagsusuri sa mga Pamamaraan at Estratehiya. Journal of Language Education and Research, 15(1), 45-60.

Subedi, D. (2016). Explanatory sequential mixed method design as the third research community of knowledge claim. American Journal of Educational Research, 4(7), 570–577.

Tambor, F. A. (2017). Ang Bisa sa Pagsulat ng Malikhaing Katha sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang Mag-aaral.

Tarvin, L. D. (2015, November). Communicative Competence: Its Definition, Connection to Teaching, and Relationship with Interactional Competence.

Trinidad, A. D. (2023). May puwang ka pa ba? Paggalugad sa saloobin hinggil sa paggamit ng Filipino sa mga pilinpg asignatura ng GEC (General Education Curiculum).

Tsu, L. (2014). Pagsulat sa Filipino: Pagtukoy at pagpapahayag ng mga ideya sa sanaysay. University of the Philippines Press.

Tuan, V. V. (2017). Communicative Competence of the Fourth Year Students: Basis for Proposed English Language. Unpublished Master’s Thesis. Hanoi University of Business and Technology, Vietnam.

Zafra, Galileo S. (2016) Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12).

Zamora, N. C., & David, A. (2022). Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino. *The Normal Lights*.